

Salaysay ni Bb. Lerissa Libao

Lerissa Libao, 62 years old, community leader at dating barangay kapitana sa Villa Jesus Weste, Alabat, Quezon.

(Ang Salaysay ni Bb. Lerissa Libao ay kinuha noon 08 Marso 2018 sa loob ng opisina ng Greenpeace Southeast Asia – Philippines, JGS Building, 30 Scout Tuazon Street, Brgy. Laging Handa, Quezon City nila Attys. Zelda DT. Soriano at Hasminah D. Paudac, kasama sila Bb. Anna Dominique Esmeralda at Bb. Veronica Cabe, isa sa mga naghain ng Petisyon.)

Q1: Ano po ang inyong kabuhayan?

A1: Pagkokopras, pagtanim ng iba't-ibang gulay at coco sugar.

Q2: Bakit po iyan ang naging kabuhayan ninyo?

A2: Iyan na ang nakalakihan ko dahil isa akong anak ng magsasaka. Pagkatapos ng high school, nag-asawa na ako tapos ako na lang din ang nagpatuloy ng pagkokopras sa aming magkakapatid.

Q3: Gaano na po ninyo katagal ginagawa ito?

A3: Sa pagkokopras at pagtanim ng mga gulay, noong high school pa ako, mga 1972 pa. Sa coco sugar naman, noon 2015 lang nung nakita namin na may “value” at nakakadagdag sa kita namin dahil kumokonti na ang kita sa pagkokopras at paggugulay.

Q4: Mula noong nag-umpisa kayo sa pagkokopras at pagtanim ng mga gulay, mayroon po ba kayong napansin na pagbabago noon kumpara sa ngayon?

A4: Napakalaki. Noong 1970-80s kalamansi basket ang Alabat Island. Ngayon, hindi na kasi biglang namatay ang kalamansi.

Q5: Bakit po nangamatay ang mga kalamansi?

A5: Dahil sa sobrang init. Naalala ko noon mga 1990s, mula January hanggang July o August ‘yun. Nakaranas kami ng sobrang tagtuyot, “drought” ba. Dati-rati nalalaman pa namin kung kailan ang tag-ulan o tag-araw. December noon medyo tag-ulan dahil malapit kami sa Pacific Ocean. Tapos January paunti-unti nawawala at okey na. Kitang-kita iyong pabago-bago ng ating panahon na hindi tulad dati nasusunod yung normal na “cycle” kung kailan uulan at araw. Ngayon, “very unpredictable,” hindi mo na talaga masabi ang panahon.

Q6: Maaari mo bang ipaliwanag kung paano itong pagkokopras at pagtanim ninyo ng gulay?

A6: Malulukad o maaani mo yung kopras mga tatlong (3) buwan. Kaya bukod sa niyog, nagtatanim kami ng iba pang mga gulay tulad ng mga petsay, mustasa, kalamansi para may kita kami bago malukad ‘yung kopras. “Cash crops” kumbaga. Iyong kalamansi extra na kita iyon kaso ngayon kumonti kita doon nung nagsimatayan nga ang mga tanim na kalamansi dahil sa sobrang init. Iyong mga natira naman hindi na bumubunga ng marami kasi sa sobrang init may nalikhang peste na naging “resistant” siya. Nahuhulog na lang iyong bunga at nasisira. Nabubutas iyong kalamansi at nahuhulog kaya nawawalan ng halaga at hindi mo na maibenta.

Q7: Ano po ang naging personal na epekto sa inyo ng pagkawala ng kalamansi at pagbabago ng “cycle” ng pagkokopras?

A7: Pag-unti ng kita, bawas sa oras ng pagtatrabaho, madalas na pagkakasakit dahil sa tindi ng init ng araw at lamig sa gabi. Kadalasan sipon, ubo, at asthma ang mga sakit na nararanasan. Madalas kahit ulit-ulitin ay talagang sa matinding init at pagbabago ng klima ang dahilan ng pagkasira ng aming pangkabuhayan... pinagkakakitaan.

Q8: Bukod sa inyong nasabi kanina, ano pa po ang inyong napansin na pagkakaiba sa inyong pagkokopras at pagtatanim ng gulay noon at sa ngayon, kung mayroon man?

A8: Dati marami kaming nalulukad na kopras. Sa isang hektaryang lupa na kinokopras namin, 2,500 hanggang higit sa 3,000 “nuts” o kopras ang nalulukad namin (mga 10-15 nuts kasi bawat puno). Mula noong taong 2000, humigit-kumulang 1,000 nuts na lang. Ngayon, bumababa pa ‘yan. Sa gulay naman, dati makakaani ka ng hindi bababa sa sampung (10) kilo na petsay, mustasa, talong, at iba pa. Ngayon, mga anim (6) na kilo lang. Pati yung paraan ng pagtatanim naiba na rin.

Q9: Ano po ang pagkakaiba sa paraan ng pagtatanim noon at ngayon?

A9: Sa sobrang init, nababawasan iyong oras namin. Kung dati 6:00 o 7:00 ng umaga hanggang 11:00 ng umaga, ngayon 6:00 hanggang 9:00 na lang ng umaga. Mga dalawang oras lang kasi mainit na. Sa sobrang init nga, hindi na magamasan (“weeding”).

Q10: Nabanggit mo kanina iyong coco sugar na inumpisahan mo noong 2015. Bakit mo naman pinasok ito?

A10: Humihina na kasi ang kita sa pagkokopras dahil nga malaking nabawas sa nalulukad pati narin sa nakukuha naming gulay. Noong nalaman namin na pwede pala ito at may “value,” umupa kami ng 1.6 na ektarya para sa coco sugar.

Q11: Kumusta naman po ang pagcoco sugar ninyo?

A11: Maayos naman siya kaso napansin namin na mabilis magferment yung tuba. Iyong dating nagsimula kami, isa (1) hanggang anim (6) na oras na hintay namin na pwede pang gawing coco sugar, ngayon nabawasan na ng dalawang oras. Mga isa (1) hanggang apat (4) na oras na lang pag lumagpas pa riyan mahirap na siyang buuin yung coco sap. Pag sobrang init, pumuputi na ang coco sap at hindi na pwede gawing coco sugar. Pag kulay “pink” okey pa siya, pero pag pumuti na, matamis pa naman siya pero hindi na magawang sugar.

Q12: Sa inyong paunang salita, nasabi ninyo po na kayo ay dating barangay kapitana sa inyong lugar. Gaano kayo katagal sa posisyong ito?

A12: Limang (5) taon.

Q13: Bilang dating kapitana sa inyong barangay, mayroon bang mga naisangguni sa inyong mga problema na halintulad nito?


A13: Opo, pare-parehas kami halos ng problema. Dahil sa sobrang init, naapektuhan yung pagkokopras namin at pagtanim ng gulay. Dati rin nasabi sa akin ng mga kasamahan ko na pati iyong huli ng isda naapektuhan.

Q14: Sa paanong paraan naapektuhan?

A14: Hindi tulad noong araw, lumayo ka lang ng dalawang dipa sa aplya makakahuli ka na ng maraming isda. Ngayon, mga isang kilometro siguro bago ka makahuli. Dati rin ang daming klase ng nahuhuli tulad ng kimpi iyong maliit na talangkang ilog. Ngayon, wala na gaanong mahuli.

Q15: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?

A15: Opo.



Lerissa Libao
(17 Marso 2018)